



IMPORMASYON UKOL SA KALIGTASAN NG KALSADA

IKAW AY RESPONSABLE PARA SA KALIGTASAN NG INYONG MGA ANAK KAPAG SILA AY NAGLALAKBAY PAPONTA AT MULA SA PAARALAN.

Maglakad nang maingat

Hawakan lagi ang mga kamay ng inyong mga anak – kapag naglalakad sa daang-lakaran (footpath), sa paradahan ng mga sasakyan at kapag tumatawid sa kalsada – hanggang sila ay 8 taong gulang man lang.

Kung ang inyong anak ay may edad sa pagitan ng 8 at 10 taon, mahigpit silang gabayan kapag sila ay malapit sa trapiko at tumatawid sa kalsada.

Kung kayo ay nagpasya na palakarin nang mag-isa ang inyong mga anak na mahigit sa 10 taong gulang patungo at mula sa paaralan, magkasama ninyong planuhin ang paglalakbay. Sanaying maging isang maingat na taong naglalakad sa pamamagitan ng:

- nananatili sa kaliwa ng daang-lakaran
- namamalayan ang mga sasakyang pumapasok at lumalabas sa mga driveway
- Hindi naiistorbo ng mga gamit na mobile o ng ibang tao
- dumadaan sa ligtas, alternatibong daan pauwi sa mga panahong maulan
- nagbibigay-galang sa mga taong naglalakad.

HUMINTO! isang hakbang pabalik mula sa gilid ng kalsada (kerb).

TUMINGIN! patuloy na sipatin ang magkabilang panig ng daan.

MAKINIG! sa mga tunog ng papalapit na trapiko.

MAG-ISIP! ligtas bang tumawid?

Hikayatin ang inyong mga anak na:

- laging gamitin ang ligtas na lugar sa pagtawid sa kalsada tulad ng tawiran ng mga taong naglalakad (pedestrian crossing), mga ilaw pangtrapiko o tawiran ng paaralan, kung mayroon
- upang makita ang papalikong mga sasakyan bago sila tumawid ng kalsada at mga driveway
- huwag ipalagay na nakikita sila ng isang drayber o titigil ito para sa kanila
- tumingin sa mata ng driver upang malaman nilang nakita sila ng drayber
- hintayin hanggang ganap na itinigil ng drayber ang kanilang sasakyan bago sila tumawid ng kalsada o driveway.



Para sa karagdagang suporta

Pumunta sa programa ng kagawaran na Edukasyon sa Kaligtasan sa Kalsada

<https://education.nsw.gov.au/road-safety-education> o bisitahin ang

<https://education.nsw.gov.au> at hanapin ang edukasyon sa kaligtasan sa kalsada.